# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 8: Pagsasalaysay ng Binasang Teksto nang may Wastong Pagkasunod-sunod

## *Tayahin (Assessment)*

Panuto: Basahing tahimik at unawaing mabuti ang seleksyon. Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Hanapin ang tamang sagot sa loob ng kahon.

### Palakang Kokak

Nangingitlog ang Inang Palaka sa tabing-ilog na mababaw. Makalipas ang ilang araw, ang itlog ay nag-iibang anyo. Ang pangalan nito ay butete o "**tadpole**" sa wikang banyaga. Ito ay mabilis na lumangoy sa tabing ilog. Makalipas ang ilang araw ang dalawang paa ng butete ay unti-unting lumabas. Ilang araw ang dalawang paa ay nagiging apat. Nagbago ang anyo at kilos at ito ay tumalon talon sa tabing ilog.

Humuhuni ng malakas, "kokak", "kokak", "kokak". Ito ay nagiging ganap na batang palaka.

(Phil-IRI Gr.2, 2011)

LIVEWORKSHEETS

A. huwag hulihin, saktan at patayin

B. nagiging butete o tadpole

C. nagiging ganap na batang palaka

D. nangingitlog

E. palaka

F. tabing ilog

1. Anong hayop ang nabanggit sa kwento?

2. Ano ang ginawa ng Inang Palaka?

3. Ano-anong pagbabago ang nangyari sa itlog ng Inang Palaka?

4. Bakit kaya humuhuni nang malakas ang batang palaka?

5. Paano mo ipapakita ang iyong pagmamahal sa mga hayop na nakatira sa tubig?

LIVEWORKSHEETS

II. Panuto: Isalaysay ang teksto ayon sa wastong pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

A.


B.


C.


D.


E.


Unang pangyayari ________

Pangalawang pangyayari ________

Pangatlong pangyayari ________

Pang-apat na pangyayari ________

Panlimang pangyayari ________

LIVEWORKSHEETS